# Ano Ang Gagawin Ko Kay Jesus Na Tinatawag Na Cristo?

## Mateo 27:11-23

1. Katanungan sa panahon na ito:
    a. Tinanong ni Pilato ito tanong na ito mga 2000 taon na ang nakakalipas subalit itong tanong na ito ngayon ay kasinsariwa niya noon. Tinanong ito ni Pilato sa madlang Hudyo bago ibigay ang Panginoong Jesus sa kanila upang ipako sa krus. Ang tanong ay makahulugan, pangpersonal at hindi maaaring ipagpaliban na sagutin. At bawat isa sa atin, gaya ni Pilato, gaya ng mga Hudyo ay kinakailangang sagutin itong tanong na ito.
    b. Itong tanong na ito ay nasa inyong harapan ngayon at kung hindi ninyo pa ito napagtutuos at nasasagot sa inyong puso, kinakailangan na ipagpasiya ninyo sa inyong puso, sa inyong pananalita at pamumuhay ay sasagutin itong tanong na ito: Ano ang aking gagawin kay Jesus na tinatawag na Cristo?

2. Paalaala: Sa inyong pagtutuos kung ano ang inyong magiging sagot, ako ay maghaharap sa inyo ng ibat-ibang mga testigo sa panig at laban sa panig ni Jesus na tinatawag na Cristo. Tignan din natin ang kinalalagyan ni Pilato. Bago tayo magpatuloy, alalahanin ninyo na:
    a. Sa panahon na iyon, ang kahihinatnan ni Jesucristo ay nasa kamay ni Pilato. Subalit dumating ang panahon na ang kahihinatnan din ni Pilato ay nasa kamay ni Jesus.
    b. Sa araw na ito, si Jesucristo ay nasa inyong kamay, nasa inyong pagpapasiya subalit dumarating ang araw na ang inyong kahihinatnan ay nasa kamay ni Jesus.
    c. Sa panahon na iyon, si Jesucristo ay nakatayo sa harapan ni Pilato upang mahatulan subalit dumating ang araw na si Pilato ay tumayo sa harapan ni Jesus upang siya ay hatulan.
    d. Sa araw na ito, si Jesus ay nakatayo sa inyong harapan. Ngunit hindi magtatagal, ikaw ay tatayo sa harapan ni Jesucristo upang hatulan ng makatuwirang Hukom ng lahat.

    Kaya itong tanong na ito ay makahulugan, pangsariling katanungan at hindi maaaring ipagpaliban ang pagsagot sa tanong, “Ano ang gagawin ko kay Jesus na tinatawag na Cristo?”

3. Simulan nating tignan ang kalalagayan ni Pilato. Si Pilato ay hindi mangmang sa mga pagpapasiya niya. Hindi siya maaaring gawin na Gobernador ng Roma na siya ay mangmang. May ibat-ibang mga tinig na tumutuos kay Pilato sa kaniyang pagbuo ng kaniyang pasiya kung ano ang kaniyang gagawin kay Jesus.
    a. Tinig ng budhi. Sabi ng Biblia na alam ni Pilato na kaya nila dinakip si Jesus ay dahil sa inggit ng mga pinuno ng relihiyon at ito ay kanilang gawa-gawa lamang. (Matt 27:8).
    b. Tinig ng katuwiran. Napakinggan ni Pilato ang lahat ng mga testigo lat kaniyang sinabi, “Wala akong nasumpungan na sala sa kaniya.” (John 19:6)
    c. Tinig ng kaniyang asawa. Ang asawa ni Pilato ay maka-Dios at kaniyang sinabi, "have nothing to do with this man for I have suffered many things today in a dream because of Him." (Matt 27:19).
    d. Tinig ng Dios. Nangusap ang Dios kay Pilato dahil kaharap niya si Jesus. Sinabi ni Pilato kay Jesus, “Hindi mo baga nalalaman na ako'y may kapangyarihang sa iyo'y mapalaya at may kapangyarihang sa iyo'y mapako sa krus? Ngunit sumagot si Jesus, “Anomang kapangyarihan ay hindi ka magkakaroon laban sa akin malibang ito'y ibinigay sa iyo mula sa itaas.” (John 19:10-11).

4. Dahil sa mga tinig na ito, nagkaroon sana si Pilato ng pagkakataon at kakayahan na ibigay niya ang kaniyang puso kay Jesucristo. Subalit liban sa mga tinig na na tumutuos sa kaniya may mga ibang tinig pa na pumipigil sa kaniya. Ito ay:
   a. Ang masasabi ng madla sa kaniya. Sinasabi ng Biblia na gusto ni Pilato na mabigyan ng kasiyahan ang madla. Gaya ni Pilato na takot na may masabi ang mga tao, mayroon sa inyo na takot na ibigay ang inyong puso kay Jesucristo dahil baka kayo pagtawanan ng inyong mga kaibigan o mga kasamahan, o mga kasambahay o mga kapitbahay.
   b. Puwesto sa lipunan at kayamanan. Bilang Gobernador, si Pilato ay kaniyang pinakakaingatan ang masarap niyang puwesto na nagbibigay sa kaniya ng maraming pakinabang. Nangangamba siya na isumbong siya kay Cesar ng Roma na pinanigan niya si Jesus na nagaangkin na Siya ay hari, samantala sinasabi ng mga Hudyo na wala silang hari kundi si Cesar. Natakot si Pilato na mawalaan ng puwesto at mga pakinabang ng kaniyang puwesto.
   c. Palalo. Sinabi ni Pilato kay Jesus, sagutin mo ako. Hindi mo ba alam na may kapangyarihan akong palayain ka?" Pilate said to Jesus, "answer me. Don't you know that I have the power to release you?" Si Pilato ay nagngangalit sa yabang. Bawat isa na nakatanikala sa pagkapalalo ay pabulosok sa impiyerno. Pagkapalalo ang sumira ng ulo ni satanas kaya siya ibinagsak dito sa lupa. Proverb 16:18 Pride goeth before destruction, and an haughty spirit before a fall.

5. Tignan hindi lamang ang mga ibat-ibang mga tinig na tumutuos kay Pilato. Sa isang pakunwaring ceremonias, siya ay naghugas sa kaniyang mga malasutlang kamay at sinabi, "Wala akong kasalanan sa pagtitigis ng dugo ng taong ito." Pansinin:
   a. Tutuo na hindi pasiya ni Pilato na si Jesus ay mapako sa krus.
   b. Tutuo na hindi ang kamay ni Pilato ang pumalo at bumugbog sa mukha ni Jesus.
   c. Tutuo na hindi ang kamay ni Pilato ang nagpako sa nanginginig na kamay ni Jesus.
   d. Tutuo na hindi ang kamay ni Pilato ang sumibat sa tagiliran ni Jesus.

   Subalit ang hindi pagpasiya ni Pilato sa tamang panig ng Panginoong Jesucristo ay siyang dahilan kung bakit napalaya si Barrabas at napako si Jesus. Sabi ni Jesus, "Siyang hindi panig sa akin ay laban sa akin. At siyang laban sa akin ay sasambulat." Ito ay walang katarungang kahatulan. It is a travesty of justice.

6. Sa araw na ito, muli nating iharap sa inyo si Jesus upang magkaroon ng makatarungang kahatulan. Ilagay natin si Jesus sa panig ng nasasakdal. Bawat isa sa inyo ay kabilang sa samahan ng mga tagahatol. At ating papakinggan ang mga katibayan patungkol kay Jesucristo at inyong sasagutin itong dalawang katanungan:
   a. Ano ang pagkakilala ninyo patungkol kay Jesucristo?
   b. Ano ang gagawin mo kay Jesus?

7. Ihaharap ko sa inyo ang mga testigo at tatanungin natin sila, "Ano ang pagkakilala ninyo patungkol kay Cristo?" At itong mga testigong ito ay sasagot mula sa Banal na Kasulatan. Bawat patutuo ng testigo ay batay sa walang kamaliang di nagmamaliw na Salita ng Dios, ang Biblia.
   a. Una, tawagin natin ang lalake sa ilang, ang naghahanda para sa pagdating ng Panginoon, si Juan Bautista. "Juan Bautista, ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo? Sagot ni Juan, "Masdan ang Kordero ng Dios na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan." (John 1:29).
   b. Pangalawa, tawagin natin ang mangingisda, si Simon Pedro. Simon Bar-jona, sabihin mo ang katotohanan at pawang katotohanan, ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo? Pakinggan ang patutuo ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng laging nabubuhay na Dios." (Matt. 16:16).
   c. Ngayon tawagin natin si apostol Juan. Juan, lagi kang malalim magisip, "ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo?" Ang pahayag ni Juan, "Sa panimula ay ang Salita at ang Salita ay sumasa Dios at ang Salita ay Dios." Lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan Niya at walang anoman na nalalang kung wala Siya. Siya ay dati nang nasa sanglibutan at ang

sanglibutan ay ginawa sa pamamagitan Niya. Siya ay naparito sa sariling kaniya subalit hindi Siya tinanggap ng sariling Kaniya. Subalit sa lahat na nagsitanggap sa Kaniya, sila ay Kaniyang binigyan ng karapatan na maging anak ng Dios, na ipinanganak hindi sa pamamagitan ng dugo ni sa laman ni sa kagustuhan ng tao kundi sa Dios. At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahan sa ating kalagitnaan at namasdan natin ang Kaniyang kaluwalhatian ang kaluwalhatian ng tanging Anak na kauri ng Dios na Siya ay puspos ng biyaya at katotohanan." (John chapter 1).

d. Tawagin natin ang isa sa mga pinakadalubhasa patungkol sa mga kautusan ng Dios sa Lumang Tipan, isang pinakamarunong na magaaral sa paanan ni Gamaliel, isang bantog na mangangaral. Siya ay si apostol Pablo. Pakinggan ang pahayag ni Pablo,

Pablo, sabihin mo sa mga hukom na ito kung ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo. "Siya ang larawan ng Dios na hindi nakikita, bagamat Siya ay nasa anyong Dios, hindi Niya inaring makapantay ang Dios. Kundi tinimpi Niya ang kaniyang pagka-Dios at inako Niya ang anyong alila at Siya ay nagkatawang tao. At nang Siya ay nasumpungan sa anyong tao, Siya ay nagpakumbaba at naging masunurin hanggang kamatayan, samakatuwid, ang kamatayan sa krus. Dahil doon, Siya ay itinaas ng Dios sa kataastaasan at binigyan Siya ng pangalan na higit sa lahat at bawat pangalan. Na sa pangalan ni Jesus, lahat ng tuhod ay luluhod at lahat ng dila ay magpapahayag na si Jesucristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama. (Col. 1:15; Phil. 2:6-11).

e. Kailangan bang may babaeng magpatutuo? Tawagin si Maria. "Maria, kayo ni Marta, naging panauhin ninyo si Jesus sa inyong bahay. Ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo?" Buong pusong ipinapatutuo ni Maria, "Sumasampalataya ako na Siya ay Cristo, ang Anak ng Dios, na paparito sa sanglibutan." (Jn. 11:27).

f. Gagawin ko ang isang bagay na hindi pa ginawa kailanman sa paglilitis sa nasasakdal dito sa lupa. Tawagin ko ang isang banal na anghel mula sa kaluwalhatian na magpatutuo dito sa panglupang hukuman. "Ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo?" Sigaw ng anghel, "sapagkat ipinanganak sa inyo sa araw na ito sa lungsod ni David, ang Tagapagligtas, na Siyang Cristo na Panginoon." (Lk. 2:11).

8. Maaring sabihin ng iba, "ito ay pang-isang panig lamang. Lahat ng iyong iniharap ay mga kaibigan ni Jesucristo. Pakinggan natin ang kabilang panig.
   a. Caiaphas. "Ikaw ang mataas na saserdote at kinamuhian mo si Jesus. Ginusto mo na Siya ay mapako sa krus. Bakit?" Sagot ni Caiaphas, "sapagkat sinasabi Niya na Siya ay Anak ng Dios." (Matt. 26:63).
   b. Pariseo. Bakit ninyo Siya kinamuhian at ginusto na Siya ay mapako sa krus? Sagot ng mga Pariseo, "tinanggap Niya ang mga makasalanan at Siya ay nakikain sa kanila." (Lk. 15:2).
   c. Tawagin ko yaong magnanakaw. Ikaw ay napako sa krus na katabi ni Jesus at nakita mo Siyang namatay. Ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo? Sagot ng dating magnanakaw, "itong taong ito ay walang nagawang mali." (Lk. 23:41).
   d. Tawagin ang Romanong centurion. Centurion, binantayan mo si Jesus na nakapako, nakita mo Siyang sibatin sa tagiliran, binantayan mo hanggang Siya ay mamatay, Ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo? Sagot niya, "tutuong-tutuo, ito ay nga ang Anak ng Dios." (Matt. 27:54).
   e. Marahil sasabihin ng iba, kung nagharap ka ng anghel, magharap ka rin ng demonyo. Tanungin ang demonyo, Ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo? Nanginginig ang demonyo na nagsalita kay Jesus, "Kilala kita. Ikaw ang Banal ng Dios." (Mk. 1:24).

9. Ngayon, napakinggan ninyo ang mga ibat-ibang patutuo ng mga kaibigan ni Jesus at gayon din naman ang mga kaaway ni Jesus at iyong mga gumustong mapako si Jesus sa krus.
   a. Subalit ngayon pakinggan ninyo ang patutuo ng Dios Ama patungkol kay Jesucristo ayon sa Banal na Kasulatan, "Ito ang aking sinisintang Anak na aking kinalulugdan. Pakinggan ninyo Siya." (Matt. 17:5).

b. Pakinggan din ang patutuo ng Dios Espirito Santo mula sa Banal na Kasulatan, "Sa araw na ito kung mapakinggan ninyo ang kaniyang tinig, huwag ninyong pagmatigasin ang inyong puso…" (Heb. 3:7-8).
c. Ngayon pakinggan ninyo ang pahayag ng Banal na Kasulatan, ang nasulat na Salita ng Dios sa 1Jn. 5:9-12 – "Kung tinatanggap natin ang patutuo ng tao, higit na dakila ang patutuo ng Dios; sapagkat ito ang patutuo ng Dios na Kaniyang ipinatutuo patungkol sa Kaniyang Anak. Siya na sumasampalataya sa Anak ay Siyang tumatanggap ng patutuo; siyang hindi naniniwala sa Dios ay ginawa niya ang Dios na sinungaling sapagkat hindi niya sinampalatayanan ang patutuo ng Dios patungkol sa Kaniyang Anak. At ito ang patutuo, na tayo ay binigyan ng Dios ng buhay na walang hanggan at ang buhay na ito ay nasa Kaniyang Anak. Siyang kinaroroonan ng Anak ay may buhay na walang hanggan at ang sinoman na wala sa kaniya ang Anak ay walang buhay na walang hanggan."

10. Maaari ninyong sabihin, "Baka ang kaniyang mga kaibigan ay mga sinungaling, gawa-gawa lang nila ang kuwento." Ngunit kaibigan, ang tao ay maaaring magsinungaling upang makaiwas sa paguusig o kagipitan. Subalit walang magsinungaling upang siya ay usigin o gipitin. May mga tao na magsisinungaling upang makaiwas sa kamatayan, subalit walang magsisinungaling upang sumuot sa kamatayan. Ang mga alagad ni Jesus ay nagpapatutuo na marami silang nakitang himala na nagpapatunay na si Jesus ay napako sa krus, namatay according to the scriptures, bilang kabayaran ng ating mga kasalanan, inilibing subalit sa ikatlong araw. nabuhay na maguli mula sa mga patay according to the scriptures at ngayon ay nakaupo sa kanang dako ng Ama at dumarating ang araw na Siya ay babalik bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon upang itatag ang Kaniyang kaharian sa Jerusalem. Kailan man ay hindi mo mapipigilan ang patutuo ng mga alagad ni Jesus. Hindi baleng mamatay sila kaysa manahimik.

11. Napakinggan ninyo ang maga patutuo sa araw na ito. At ngayon, tinatanong ko ang bawat isa sa inyo na magpasiya para sa iyong sarili. Hinihiling ko na ipasiya mo sa iyong puso.
    a. Alalahanin ninyo na si Jesus ngayon ay nasa inyong kamay, subalit tiyak na dumarating ang araw na ikaw at ang iyong kahihinatnan ay malalagay din sa kamay ni Jesucristo.
    b. Ngayon si Jesus ay nakatayo sa inyong harapan, subalit tiyak na dumarating ang araw na ikaw din ay tatayo sa harapan ni Jesus upang ikaw ay Kaniyang hatulan at dalhin sa iyong kahihinatnan.
    c. Ano ang gagawin mo kay Jesus na Cristo?
        1) "Puputungan mo ba Siya o ipapako mo Siya." (You may crown Him or you may crucify Him.)
        2) "Tatangapin mo ba Siya o ayawan mo Siya?" (You may receive Him or you may reject Him.)
        3) "Ipapahayag mo ba Siya na Panginoon mo o tatanggihan mo Siya?" (You may confess Him or you may deny Him.)
        4) Subalit hindi mo Siya mababale-wala. (But you cannot neglect Him). Kung sabihin mong hindi ka muna magpasiya, ikaw ay gaya ni Pilato na dahil sa kaniyang hindi pagpasiya, inayawan niya si Jesus. (Matt. 12:30).

12. Ang tanong: "Ano ang pagkakilala mo kay Jesucristo? Ano ang gagawin mo kay Jesus na tinatawag na Cristo?"
    a. Yumuko at habang nakayuko, nakapikit ang inyong mga mata, tanungin ang inyong sarili, "manlilinlang ba si Jesus? Sinungaling ba Siya? Kung ito ang inyong pasiya, sabihin ninyo sa inyong puso, Siya ay nagkasala.
    b. Kung ang paniwala mo ay walang kasalanan si Jesus kundi inako lamang Niya ang ating kasalanan, upang mabayaran Niya ang ating mga kasalanan sa Kaniyang kamatayan at Siya ay nabuhay na maguli upang ang sinomang sumampalataya sa Kaniya ay hindi mapahamak

kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan, isulat sa inyong puso, walang kasalanan at karapatdapat na Siya ang pagtuonan ng ating pagsampalataya, pagasa at pagibig.

c. Ipapamuhay ba ninyo ang inyong pasiya ngayon? Mas mabuti pang wala kayong sanang narinig patungkol sa Anak ng Dios kaysa narinig mo ang ebanghelyo subalit ayaw mong lumuhod sa Kaniya. Maari mong yurakan ang kaniyang dugong itinigis para sa iyo subalit ikaw ay patungo sa impiyerno o maaari kang pailalim sa kapangyarihan na nagliligtas na dugo ni Jesus at maghari kang kasama ni Jesus magpakailanman.
d. Kung tinatanggap mo si Jesus at pinapaniwalaan mo ang Kaniyang angkin patungkol sa kaniyang sarili, ngayon ipinagkakatiwala mo at italaga mo ang iyong lahat sa lahat sa Panginoong Jesucristo upang itong Panginoong Jesucristo na ito, siya na ang iyong Kaligtasan, Buhay na Walang Hanggan at Kaluwalhatian magpakailanman, kung iyan ang iyong pasya, sumampalataya ka sa Kanya, ilagay mo ang iyong pagsampalataya sa Kanya. Make Him the object of your faith, make Him the object of your hope and make Him the object of your love. Kaya kung iyan ang iyong pasya, pagpalain ka ng Panginoon, at nais ko na isabuhay mo ang iyong pasya ngayon. Mabuhay ka na sa katuwiran, katotohan at pagmamagandang loob ng ating Panginoong Jesucristo.

12 April 2020 Message of the Lord Jesus